



# PAGDALUMAT SA HAMONG KINAKAHARAP NG MGA GURO SA FILIPINO 7 SA KAKULANGAN SA REHIYONAL NA AKDANG PAMPANITIKAN

**Fatimae S. Villarasa., LPT<sup>1</sup>, Susan B. Dipolog, PhD<sup>2</sup>**

<sup>1</sup>ORCID No. 0009-0007-9484-486X

Teacher I, Tubaon National High School, Tubaon, Tarragona Davao Oriental, Philippines

<sup>2</sup>ORCID No. 0009-0008-9069-5956

Instructor, University of Mindanao, Tagum City, Davao del Norte Philippines

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra16146>

DOI No: 10.36713/epra16146

## ABSTRAK

Ang layunin ng penominolohikal na pananaliksik na ito ay tuklasin ang mga pagdalumat ng mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa Sangay ng Dabaw Oryental tungkol sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan. Ito ay partikular na tutuklas sa mga hamon na kanilang kinakaharap, ang mga paraano ng pagharap na kanilang ginagamit, at ang kanilang mga pananaw kung paano tutulungan ang mga guro sa ganitong uri ng suliranin. Saklaw ng pananaliksik na ito ang mga karanasan ng labing-apat (14) na mga guro sa Filipino 7 ng Sangay ng Dabaw Oryental at itutuon ang pananaliksik sa kanilang mga karanasan sa pagdalumat ng mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan. Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante tungkol sa naranasang mga hamon ay ang mga sumusunod na tema: kahirapan sa paghahanap ng mapagkukunan ng mga rehiyonal na akda; kahirapan sa pagtalakay at pag-unawa sa akdang pinili; ipaghina ing isariling ipagkakakilanlan; I pagkawala ing iinteres ing imga imag-aaral; iat kawalan ng katiyakan sa kawastuhan ng mga akdang nakalap. Tungkol naman sa pamamaraan nila sa pagharap ng mga nasabing hamon, lumabas ang mga sumusunod na tema: pagiging mapamaraan sa pangangalap ng rehiyonal na akda; pagkakaroon ng motibasyong makapagbigay ng tamang kaalaman; pakikipagtulungan sa kapwa guro; at pagsangguni sa mga eksperto. Tungkol naman sa kanilang mga pananaw, lumutang ang mga sumusunod na tema: kahalagahan ng positibong pananaw bilang guro; pagpapalawig sa panrehiyunal na mga akda sa panitikan; at pagpapaigting sa pananaliksik ng mga guro. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat naglalayong bigyan-diin ang kahalagahan ng rehiyonal na akda sa panitikan sa pagpapalalim ng kaalaman at pag-unawa ng mga guro sa Filipino. Sa pamamagitan nito, maaaring mapalawak ang saklaw ng pag-aaral sa Filipino at maipakita ang kahalagahan ng kultura at panitikang lokal sa lipunan.

**MGA SUSING SALITA:** guro sa Filipino 7, rehiyonal na akda, panitikan, mga mag-aaral, probinsya ng Dabaw Oryental

## INTRODUKSYON

Isang malaking isyu at hamon ngayon sa mga guro at ng mga pinuno sa mga institusyong akademiko ang usapin ng pagsusulong ng isang panitikang pambansa. Kinakaharap nila ngayon ang suliranin sa pagkilala sa panitikang rehiyonal bilang pagdulog sa panitikan ng bansa hindi lamang sa salita kundi pati na rin sa aktuwal na pagbubuo ng kurikulum. Kapansin-pansin ang problema tungkol sa pagbuo ng isang kurikulum na magbigay ng pagkakataong maipasundayag ang mga akdang isinulat sa ating mga rehiyon nang sa gayon ay malaman ng mga mag-aaral ang panitikan ng kanilang bayan na lapat sa kanilang kaisipan at karanasan.

Sa Bangladesh, hamon sa mga guro ang kakulangan ng akdang pampanitikan sa pagtuturo ng kanilang wika. Naniniwala sila na ang pinakamahalagang matutunan sa

paggamit ng panitikan ay ang mga kalabuan at kawalan ng katiyakan nito na nagbibigay ng natural na pagkakataon para sa talakayan at iba't ibang interpretasyon na kabilang sa pangunahing layunin ng pagtuturo ng wika (Hassan, 2018). Dagdag pa rito, inilahad din ni Chang (2018) na sa Taiwan, maraming guro ang nakakaranas ng matinding pagkabigo at kahirapan sa pagtuturo ng wika at panitikan dahil wala silang gaanong karanasan sa pagbabasa ng mga tunay na literatura dahil sa kakulangan ng mga akdang pampanitikan. Bukod pa rito, sa Malaysia, inihayag naman ni Alam (2017) na ang bilang ng mga akdang pampanitikan ay napakaunti lamang, at ang mga akdang pampanitikan na ito ay halos hindi pa nababasa ng mga guro at mag-aaral. Dahil sa pagkakaiba sa pagitan ng mga nilalaman ng teksto at ng sistema ng pagsubok, nararamdaman ng mga mag-aaral na hindi kinakailangan na pumunta sa mga nilalamang pampanitikan.



Bukod dito, sa Pilipinas, inihayag ni Lumbera (2017), na isang malaking hamon ang mapayabong ang mga rehiyonal na akdang pampanitikan tulad ng Sebuwano, Lineyte-Samaron, Ilokano, Hiligaynon, Kapampangan, at iba pa, upang magkaroon ng unti-unting pagkabuo sa tiyak na pagkakaunawa sa kabuuan ng ating panitikan. Dulot nito ay ang kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan na gagamitin sa pagtuturo ng panitikan o ng kahit ano mang asignatura ng mga akdang minana pa natin sa ating mga ninuno o isinusulat ng mga manunulat sa ating mga rehiyon. Ito lang sana ang tanging paraan upang mas sumigla ang panitikan sa ating mga lokalidad.

Samantala, sa Lungsod ng Mati, kapuna-puna na naging malaking hamon din sa mga guro ang kakulangan ng mga akdang pampanitikan na kanilang gagamitin sa loob ng klase. Habang nagsusumikap ang mga guro na lumikha ng nakakaengganyo at may kaugnayang kultural na kurikulum, ang kawalan ng lokal na nakaugat na mga akdang pampanitikan ay humahadlang sa kanilang kakayahang kumonekta sa mga mag-aaral sa isang makabuluhang antas. Ang kakulangan nito ay hindi lamang naglilimita sa pagkakaalantad ng mga mag-aaral sa magkakaibang mga salaysay ngunit pinipigilan din ang paggalugad ng mga natatanging kultural na pananaw. Ang walang laman na ito ay humahadlang sa mga pagsisikap ng mga tagapagturo na isulong ang pagiging inklusibo at empatiya sa silid-aralan, na humahadlang sa pagbuo ng mga indibidwal na may kaalaman sa buong mundo. Ang mahigpit na pangangailangan para sa isang mas komprehensibong hanay ng mga panrehiyong panitikan ay binibigyang-diin ang pangangailangan ng pagbibigay prioridad sa paglikha at pagpapalaganap ng mga naturang materyal, pagpapayaman sa karanasang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral sa Baitang 7 at pagpapaunlad ng isang mas magkakaugnay na lipunan.

Mayroon ng ilang mga pag-aaral na isinagawa na may kaugnayan sa kakulangan ng mga akdang pampanitikan na gagamitin sana sa pagtuturo ng wika at panitikan. Isa sa mga ito ay isinagawa nila Gabrielsen, et al. (2019) na nag-imbetiga sa kakulangan ng mga akdang pampanitikan sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan doon sa Norway. Ang isa pa ay ang pag-aaral ni Palma at Tubo (2019) tugkol din sa kakulangan ng piling akdang panitikan na lubos na nakaapekto sa akademik perormans ng mga mag-aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol. Nagkaroon din ng pag-aaral na isinagawa ni Ferrer (2019) na naglahad kung paano naapektuhan ang kaalamang bokabularyo ng mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng akdang panitikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig ng isang maigting na pakiramdam ng pangangailangan ng madaliang pagkilos dahil ito ay makakatulong sa pagbunyang ng makabuluhang obserbasyon at makabuluhang impormasyon tungkol sa

hamon ng kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan. Bukod dito, ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay ipapalaganap sa pamamagitan ng mga aktibidad sa paaralan tulad ng *Learning Action Cells*, pagsasanay, *seminar*, *workshop*, at iba pa. Ang mga guro at mag-aaral ang pangunahing tatanggap ng mga mahalagang impormasyong ito. Sa pamamagitan nito, ang mga guro ay magkakaroon ng mga datos na nakabatay sa pananaliksik na magsisilbing kanilang batayan para sa pagbuo ng gagawin na may mga programa at aktibidad na nakatuon sa pagkamit ng mga penomena na kasangkot sa pag-aaral na ito.

### Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng penominolohikal na pananaliksik na ito ay tuklasin ang mga pagdalumat ng mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa Sangay ng Dabaw Oryental tungkol sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan. Ito ay partikular na tutuklas sa mga hamon na kanilang kinakaharap, ang mga paraan o ang pagharap na kanilang ginagamit, at ang kanilang mga pananaw kung paano tutulungan ang mga guro sa ganitong uri ng suliranin.

Sa puntong ito ng pag-aaral, ang penomenong tinututukan ng pananaliksik na ito ay tungkol sa suliraning kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Ang penomenong ito ay tumutukoy sa labis na paghihirap na nararanasan ng mga guro sa Filipino 7 dahil sa kakulangan ng mga panrehiyonal na akdang pampanitikan. Isang malaking balakid sa pagtuturo ng panitikan kung hindi sapat ang mga akdang gagamitin sa loob ng klase. Ang penomenolohiyang ito ay makatutulong upang mapunan ang katanungang may kinalaman sa suliraning ito.

### Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 hinggil sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan?
2. Paano hinarap ng mga guro sa Filipino 7 ang mga hamong dulot ng kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan?
3. Ano ang pananaw ng mga guro sa Filipino 7 hinggil sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan?

### METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gugamit ng kwalitatibong pamamaraan partikular na ang penomenolohikal na istilo. Sa pananaliksik na ito, mayroong labing-apat (14) na kalahok na mga guro sa Filipino 7 mula sa Sangay ng Dabaw Oryental ang naging bahagi ng mga ginawang panayam. Ang mga kalahok na ito ay lumahok sa mga panayam bilang pangunahing mapagkukunan ng mga datos sa pag-aaral na ito. Pitong (7) kalahok ang sumailalim sa pinalalim na panayam (IDI), habang ang pito (7) pang kalahok ay nakibahagi sa pokus na pangkatang diskusyon (FGD).



Ang mga kalahok na ito ay pinili gamit ang sumusunod na pamantayan: (1) dapat ay isang guro sa pampublikong paaralan ng Sangay ng Davao Oriental; (2) dapat ay isang guro na may posisyong Teacher I hanggang III lamang; at (3) dapat ay may karanasan sa pagtuturo ng Filipino 7 nang hindi bababa sa isang taong panuruan. Sa kabilang dako, hindi maaaring maging kalahok sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod: (1) gurong walang karanasan sa pagtuturo ng Filipino 7, (2) mga master teacher at head teacher, (3) at mga gurong nagtatrabaho sa pampridadong paaralan. Gayundin, ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binigyan ng kalayaang umatras sa paglahok anumang oras. Bilang karagdagan, ang bilang ng mga kalahok na ito ay pinili upang maabot ang hinihinging pagkakaiba-iba ng mga kalahok.

Ginamit ang *purposive sampling technique* sa pagpili ng mga magiging kalahok ng pag-aaral na ito. Sa pamamaraang ito, ang mananaliksik ay sadyang pumili ng mga partikular na indibidwal, kaso, o elemento mula sa isang populasyon batay sa kanilang mga natatanging katangian, kadalubhasaan, o kaugnayan sa mga layunin ng pananaliksik (Creswell, 2014). Ang diskarte na ito ay ginagamit kapag ang mga mananaliksik ay naglalayong mangalap ng malalim na mga *insight*, espesyal na kaalaman, o kinatawan ng mga halimbawa na umaayon sa mga layunin at saklaw ng pag-aaral. Nagbibigay-daan ang *purposive sampling* para sa isang naka-target at nakatutok na koleksyon ng data, na partikular na mahalaga sa kwalitatibong pananaliksik o kapag nag-aaral ng mga bihira o mahirap maabot na populasyon (Palinkas et al., 2015).

Sa aking pananaliksik, ang pagkuha ng mga kalahok ay isang kritikal na bahagi ng proseso. Sa aking pag-aaral ng kwalitatibong paraan, ang mga indibidwal na interbyu (IDIs) at focus group discussion (FGD) ang nagbibigay-

daan sa akin upang mas malalim na maunawaan ang aking paksa. Upang makakuha ng mga guro ng Filipino 7 mula sa iba't ibang paaralan sa napiling sangay, nagsimula ako sa pagpapadala ng mga imbitasyon sa pamamagitan ng email at pamamahagi ng mga papeles sa mga guro sa kanilang mga paaralan. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa aking pananaliksik at ang kahalagahan ng kanilang mga opinyon, nagawa kong mahikayat ang mga guro na maging kalahok sa aking IDIs at FGD. Sa pagsasaalang-alang ng kanilang mga pananaw, ang malinaw na pagpapakilala sa layunin ng aking pananaliksik at pagpapakita ng kung paano makakatulong ang kanilang partisipasyon ay nagbigay-lakas sa aking *recruitment process*.

## MGA RESULTA

### Mga Hamong Kinakaharap ng mga Guro sa Filipino 7 hinggil sa Kakulangan ng Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa unang katanungan tungkol sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 hinggil sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan ay isa-isa nilang nailahad ang mga hamong kinaharap nila sa naturang karanasan.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ng mga sumusunod na tema: (1) paghahanap ng mapagkukunan ng mga rehiyonal na akda; (2) pag-unawa sa akdang napili; (3) paghina ng sariling pagkakakilanlan; (4) pagkawala ng interes ng mga mag-aaral; at (5) pangamba sa kawastuhan ng mga akdang nakakalap. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa unang talahanayan.

## Talananayan 1

### Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Hamong Kinakaharap ng mga Guro sa Filipino 7 sa Kakulangan ng Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Ideya
	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kulang sa aklat ang paaralan na maaari sanang mapagkukunan ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Nagdudulot ng hirap ang kawalan ng mga materyales para sa mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Limitado lamang ang mapagkukunan ng rehiyonal na akda.</li> <li>• Ang kawalan ng sapat na mapagkukunan ng kagamitan para sa rehiyonal na akda ay nagdudulot ng kalungkutan sa mga guro.</li> <li>• Wala masyadong mga nailimbag na mga akdang pampanitikan sa rehiyong kinabibilangan.</li> <li>• Nahihirapan ang mga guro na mangalap ng mga rehiyonal na akdang gagamitin sana sa araw-araw na talakayan.</li> <li>• Mahirap ang gawaing pagtuturo kung walang sangguniang magagamit.</li> </ul>



Paghahanap ng Mapagkukunan ng mga Rehiyonal na Akda	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nahihirapan ang mga guro sa paghahanap ng mga akdang makaka-konekta ang mga mag-aaral.</li> <li>• Maging ang mga mag-aaral, hindi lamang mga guro ang nahihirapang maghanap ng akdang rehiyonal.</li> <li>• Nababahala ang mga guro dahil wala sila mapagbabatayan ng kanilang sanggunian para sa mga rehiyonal na akda.</li> </ul>
Pag-unawa sa Akdang Napili	<ul style="list-style-type: none"> <li>• May pangambang nararamdaman ang mga guro na maaaring magkamali sa pag-unawa sa napiling akda.</li> <li>• Nahihirapan ang mga guro sa pagpapaliwanag ng mga malalawak na konsepto sa napiling akda.</li> <li>• Nahihirapan sa pagtalakay ng mga rehiyonal na akdang hindi naman pamilyar sa guro.</li> <li>• Nangangamba ang mga guro kung nagagampanan pa ba nang tama ang trabaho bilang guro gamit ang mga akdang ginamit.</li> <li>• Nagkakaroon ng pagkakaiba-iba ng interpretasyon ng akda dahil sa pagkakaiba rin ng pinagkunan ng akda.</li> <li>• Maaaring magdulot din ng pagkalito ang mga mag-aaral sa akdang ginamit dahil taliwas sa kanilang nararanasan sa rehiyon.</li> </ul>
Paghina ng Sariling Pagkakakilanlan	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nawawalan ng identidad ang rehiyon dahil sa kawalan nito ng mga akdang pampanitikan.</li> <li>• Ang kawalan ng sapat at buong kaalaman ng mga mag-aaral sa mga rehiyonal na akda ay maaaring magdulot ng hamon sa pagkakakilanlan.</li> <li>• Dahil hindi natatamo ng mga mag-aaral ang mga rehiyonal na akda, nawawalan sila ng pagkakataon para sa pagkakakilanlan.</li> <li>• Maaaring mas tangkilikin ng mga mag-aaral ang akda ng ibang lahi dahil sa kawalan ng rehiyonal na mga akdang pampanitikan.</li> <li>• Maaaring malimutan ng mga mag-aaral ang sariling atin dahil sa kawalan ng mga rehiyonal na akdang pampanitikan.</li> </ul>
Pagkawala ng Interes ng mga Mag-aaral	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nawawalan ng interes ang mga mag-aaral kahit pa may rehiyonal na akda kung wala namang libro o modyul kaugnay dito.</li> <li>• Unti-unting nawawala ang interes ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino dahil sa kakulangan ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Maaaring malimutan agad ng mga mag-aaral ang kanilang natututuhan dahil sa kawalan ng interes sa mga akdang tinatalakay sa silid-aralan.</li> <li>• Nangangamba ang mga guro dahil sa kawalan ng interes ng mga mag-aaral ay hindi na nila matutunan ang kultura ng rehiyon.</li> </ul>
Pangamba sa Kawastuhan ng mga Akdang Nakakalap	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Hamon sa mga guro ang pagpapatunay kung nagmumula nga ba sa kanilang rehiyon ang napiling akda.</li> <li>• Nawawalan ng kasiguraduhan ang mga guro sa kawastuhan ng nakukuhang mga akda dahil sa kakulangan ng learning sources.</li> <li>• Maaaring magkamali ang guro sa makukuhang akda dahil kung saan-saan kumakalap ng magiging sanggunian para sa mga rehiyonal na akda.</li> </ul>

### Mga Pamamaraan sa Pagharap ng mga Hamong Naranasan ng mga Guro sa Filipino 7 Dulot ng Kakulangan sa Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa ikalawang katanungan tungkol sa mga pamamaraang ginawa ng mga guro sa Filipino 7 sa pagharap sa mga hamong dulot ng



kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan ay isa-isa nilang inilahad ang kanilang mga estratehiya.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ng mga sumusunod na tema: (1) pagiging mapamaraan sa pangangalap ng rehiyonal na akda; (2)

pagkakaroon ng motibasyong makapagbigay ng tamang kaalaman; (3) pakikipagtulungan sa kapwa guro; at (4) pagsangguni sa mga eksperto. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa ikalawang talahanayan.

### Talahanayan 2

#### Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Pamamaraan sa Pagharap ng mga Hamong Dulot ng Kakulangan sa Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Ideya
Pagiging Mapamaraan sa Pangangalap ng Rehiyonal na Akda	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Malaking tulong ang pagiging mapamaraan ng mga guro sa paghahanap ng sapat na pruwera sa nakakalap nilang akda.</li> <li>• Naging mapamaraan ang mga guro sa paghahanap ng mga alternatibong akda.</li> <li>• Naging mapamaraan ang mga guro para malampasan ang problema sa mga rehiyonal na akdang pampanitikan.</li> <li>• Naging mapamaraan ang mga guro sa paghahanap ng mga rehiyonal na akda sa tulong ng internet.</li> <li>• Ang pagpapamalas ng matalinong diskarte ay nakakatulong sa mga guro na maisagawa ang talakayan gamit ang rehiyonal na akda.</li> <li>• Nakatulong ang pagiging mapamaraan sa lahat ng bagay tulad ng paggamit ng internet.</li> <li>• Naging matiyaga ang mga guro sa paghahanap ng mga paraan upang maituro ang mga akdang nakalap.</li> <li>• Sa pagiging mapamaraan ng mga guro sa pagkalap ng mga rehiyonal na akda ay kinakailangan ding maging mapanuri.</li> <li>• Naipapamalas din ang pagiging mapamaraan sa pagiging magaling makibagay sa mga sitwasyon.</li> </ul>
Pagkakaroon ng Motibasyong Makapagbigay ng Tamang Kaalaman	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Matibay ang adhikain ng mga guro ng magbigay ng tamang kaalaman upang patuloy na mabuhay ang sariling panitikan.</li> <li>• Motibasyon ng mga guro na mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kabila ng kakulangan ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Nagiging motibasyon ng mga guro ang makitang masaya ang mga mag-aaral na natututo sa mga akdang napili.</li> <li>• Nagkakaroon ng motibasyon ang mga guro na mangalap ng mga rehiyonal na akda dahil sa ipinakitang interes ng mga mag-aaral.</li> <li>• Motibasyon ng mga guro na magbigay ng tama at sapat na kaalaman.</li> <li>• Motibasyon ng mga guro na matutuhan ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling kultura sa tulong ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Motibasyon ng mga guro na matutuhan ng mga mag-aaral ang pagpapayaman sa mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Motibasyon ng mga guro na magampanan nang maayos ang sinumpaang tungkulin na makapagturo sa mga mag-aaral.</li> <li>• Hindi lang motibasyon ng mga guro ang mga mag-aaral bagkus ay nagsilbi rin silang inspirasyon sa kanilang pagtuturo.</li> </ul>
	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nagtutulungan ang mga guro upang maging epektibo sa kanilang trabaho.</li> <li>• Humihingi ng dagdag kaalaman ang mga guro sa kanilang mga kasamahan upang mapahasa ang kanilang pagtalakay sa akda.</li> <li>• Humihingi ng tulong sa kapwa guro at sa internet.</li> </ul>





Pakikipagtulungan sa Kapwa Guro	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Malaking tulong sa kanila ang kapwa guro at ang internet.</li> <li>• Nagiging mas epektibo ang kanilang pagtuturo sa tulong ng kapwa guro.</li> <li>• Ang pagtatanong sa kapwa guro ay nakakatulong para mapaunlad ang pagtuturo.</li> <li>• Ang pagtatanong sa kapwa guro lalo na iyong mga matagal na sa propesyon ay nagbibigay sa kanila ng mga paraan na dapat gawin.</li> <li>• Itinuturing nilang malaking tulong ang opinion ng mga nakakatanda nilang kapwa guro.</li> <li>• Humihingi sila ng mga suhestiyon mula sa mga kapwa guro na may malawak na kaalaman upang mapadali ang pag-unawa sa klase ng mga akdang napili.</li> </ul>
Pagsangguni sa mga Esperto	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakikipag-ugnayan ang mga guro sa mga eksperto na sa panitikan tulad ng mga tagapagsalita sa seminar.</li> <li>• Maaari ring humingi ng tulong mula sa mga eksperto ng DepEd upang mapayaman ang rehiyonal na akdang pampanitikan.</li> <li>• Iminumungkahi ng mga guro na gumawa ang mga eksperto sa Kagawaran ng Edukasyon ng mga plano hinggil sa problema ng kakulangan sa rehiyonal na akda.</li> <li>• Naging malaking tulong din ang mismong mga tagapamahala ng paaralang kinabibilangan ng mga guro sa Filipino 7.</li> <li>• Humihingi rin ang mga guro ng tulong sa mga guro nila sa kolehiyo na kanilang tinuturing na mga eksperto sa panitikan maliban pa sa mga nakakatandang may alam din sa panitikan.</li> <li>• Naniniwala ang mga guro na malaking ang malawak na kaalaman ng mga eksperto.</li> <li>• Ang pagsangguni sa mga dalubhasa sa Filipino ay nagbibigay ng tamang paraan kung paano maitalakay nang maayos ang aralin sa loob ng klase.</li> </ul>

### Mga Pananaw ng ng mga Guro sa Filipino 7 hinggil sa Kakulangang Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Nang maanalisa ang tugon at kasagutan ng mga partisipante sa ikatlong katanungan tungkol sa mga pananaw ng mga Guro sa Filipino 7 hinggil sa kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan ay isa-isa nilang inilahad ang kanilang mga ideya.

Ang mga nasuring pahayag na mula sa tugon ng mga partisipante ay nakabuo ang mga sumusunod na tema: (1) pagkakaroon ng positibong pananaw (2) pagpapalawig sa panrehiyunal na mga akda sa panitikan; at (3) pagpapagiting sa pananaliksik ng mga guro. Ang mga pangunahing ideya at mga tema tungkol sa mga naranasang hamon ay makikita sa ikatlong talahanayan.

### Talahanayan 3

#### Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa mga Pananaw ng ng mga Guro sa Filipino 7 hinggil sa Kakulangan ng Rehiyonal na Akdang Pampanitikan

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Ideya
Pagkakaroon ng Positibong Pananaw	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Nakakatulong ang pagiging positibo na mayroong paraan sa lahat ng mga hamon.</li> <li>• Mahalagang magkaroon palagi ng pag-asa na makakahanap pa rin ang guro ng paraan upang makakalap ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Marapat lamang na magpursigi ang mga guro sa kabila ng mga hamon ng kakulangan sa mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Maging positibo sa pagtanggap ng mga suhestiyon at opinion mula sa mga mas nakakaalam.</li> <li>• Maging masayahin at mapagpasalamat sa kabila ng mga hamon ng kakulangan sa mga rehiyonal na akda dahil marami rin namang pananaliksik ang nagbibigay ng solusyon sa suliraning ito.</li> </ul>



	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Magkaroon ng positibong paniniwala na sa pagtutulongan ay masusuluyon ang mga hamon sa kakulangan ng rehiyonal na mga akda.</li> <li>• Patuloy lamang sa paglaban sa mga problemang dala ng kakulangan sa mga rehiyonal na akda.</li> </ul>
Pagpapalawig sa Panrehiyunal na mga Akda sa Panitikan	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Naniniwala ang mga guro na mahalagang mangolekta pa ng maraming sariling panitikan.</li> <li>• Iminumungkahi ng mga guro na makapagbigay pa ng karagdagang akdang pampanitikan ang Kagawaran ng Edukasyon upang mapalawig pa ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol dito.</li> <li>• Makakatulong sa pagpapalawig ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga rehiyonal na akda kung ang mga paaralan ay mabigyan ng sapat na mga kagamitan.</li> <li>• Nagnanais ang mga guro na mabigyan ng kagawaran ang mga guro sa Filipino 7 ng mga sapat na kagamitan para sa ikauunlad ng kaalaman tungkol sa rehiyonal na mga akda.</li> <li>• Suhestiyon ng mga guro na magkaroon ng mga seminar na tututok sa pagpapalawig ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Isang malaking tulong sa mga guro kung ang kagawaran ay gagawa ng lehitimong sanggunian ng mga rehiyonal na akda upang ang mga ito ay mapalawig pa sa kaalaman ng mga mag-aaral.</li> </ul>
Pagpapaigting sa Pananaliksik ng mga Guro	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Mahalagang manaliksik ang mismong mga guro ng mga rehiyonal na akda sapagkat sila ang mas nakakaintindi sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.</li> <li>• Hinanaing ng mga guro na suportahan ang mga gurong nananaliksik ng mga rehiyonal na akda.</li> <li>• Malaking tulong ang pagbigay ng budget sa mga mananaliksik na mga guro tungkol sa mga rehiyonal na akda.</li> </ul>

### Pangwakas na Pahayag

Matapos ang pagpapatupad ng pagsasaliksik, mahalagang magkaroon ng malalim na pagpapasya sa mga natuklasan at naging kahinatnan ng pag-aaral. Ang pagsasagawa ng pagsasaliksik sa temang Filipino ay nagdulot ng maraming kaalaman at natatanging persepsiyon sa larangan ng panitikan at edukasyon. Sa ganitong pagtatapos, nais kong ibahagi ang limang mahahalagang natuklasan at ang kanilang mga epekto sa aking pagsasaliksik.

Unang-una, matapos suriin ang mga rehiyonal na akda sa panitikan, natuklasan ko ang kahalagahan ng pagpapalawig ng kaalaman sa mga akdang ito sa ating kultura at lipunan. Ito ay nagbubukas ng mga pinto para sa mas malawakang pag-unawa at pagpapahalaga sa ating sariling panitikan.

Pangalawa, sa pamamagitan ng pag-aaral sa pagpapaigting ng pananaliksik ng mga guro sa Filipino, napagtanto ko na ang kahalagahan ng patuloy na pag-unlad at pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa larangan ng pananaliksik. Ito ay magbubunga ng mas malalim na kaalaman at mas mataas na kalidad ng edukasyon sa Filipino.

Pangatlo, sa pagsusuri sa positibong pananaw at pakikipagtulungan ng mga guro sa Filipino, napagtanto ko ang lakas ng pagkakaisa at pagtutulongan sa pagpapaunlad ng larangan. Ang ganitong kultura ng kooperasyon ay nagbibigay ng positibong epekto hindi lamang sa mga guro kundi sa mga mag-aaral at buong komunidad ng edukasyon.

Pang-apat, ang pananaliksik sa paghahanap ng mapagkukunan ng mga rehiyonal na akda sa panitikan ay nagdulot ng malaking papel sa pagpapaunlad ng edukasyon. Sa pagtuklas sa mga akdang ito, mas naiintindihan ng mga guro at mag-aaral ang kanilang kultura at identidad.

Panghuli, ang pag-aaral na ito ay nagdulot ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kahalagahan ng Filipino sa edukasyon at lipunan. Sa kabuuan, ang mga natuklasan at kahinatnan ng pagsasaliksik na ito ay magbibigay daan sa patuloy na pag-unlad at pagpapaunlad ng larangan ng Filipino.

### REKOMENDASYON

Ang mga temang lumitaw sa aking pagsasaliksik ay may malalim na implikasyon sa pagsasanay ng pagtuturo sa larangan ng Filipino. Unang-una, ang pagpapalawig sa panrehiyonal na mga



akda sa panitikan ay nagbibigay-daan sa mga guro na magkaroon ng mas malawak na kaalaman sa iba't ibang anyo ng panitikan mula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. Ito ay nagresulta sa isang mas mabigat na karanasan sa pagtuturo at mas malalim na pag-unawa sa kultura at lipunan ng mga lugar na ito.

Pangalawa, ang pagpapaigting sa pananaliksik ng mga guro ay nagbubunga ng mas makabuluhang pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pananaliksik, ang mga guro ay nakakahanap ng mga bagong kaalaman, pamamaraan, at mga estratehiya na maaari nilang ipatupad sa kanilang pagtuturo upang mapabuti ang karanasan sa pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral.

Pangatlo, ang pagkakaroon ng positibong pananaw ay mahalaga sa pagtuturo dahil ito ay nagtutulak ng mas matatag na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagtuturo na may positibong pananaw, ang mga guro ay nagiging mas mapanuri, mapagpasensya, at maasikaso sa kanilang mga mag-aaral, na nagbubunga ng mas mataas na tagumpay sa pag-aaral.

Pang-apat, ang pagpapahalaga sa pakikipagtulungan sa kapwa guro ay nagpapalakas ng kolektibong pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng karanasan, kaalaman, at mga pamamaraan sa pagtuturo, ang mga guro ay nagkakaroon ng mas malawak na perspektibo at mas magkakaroon ng kakayahan na tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral.

Panghuli, ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagsangguni sa mga eksperto ay nagpapalakas sa propesyon ng mga guro. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng payo at suporta mula sa mga eksperto sa larangan ng edukasyon at panitikan, ang mga guro ay nagiging mas epektibo sa kanilang pagtuturo at mas handa sa pagharap sa mga hamon ng pagtuturo sa Filipino.

#### Mga Rekomendasyon Para sa Higit pa na Pananaliksik

Para sa mga susunod na mananaliksik, mahalaga na magkaroon ng panibagong pagtingin sa mga lumutang na mga tema na nabunyag sa aking pagsasaliksik. Narito ang ilang mga rekomendasyon para sa kanila:

Unang-una, maaaring pagtuunan ng pansin ng mga susunod na mananaliksik ang pagsasagawa ng mas malalim na pag-aaral sa mga rehiyonal na akda sa panitikan. Maaring suriin ang iba't ibang genre at estilo ng panitikan mula sa iba't ibang rehiyon upang masuri ang kanilang impluwensya at kahalagahan sa kultura at lipunan.

Pangalawa, mahalaga rin na maisagawa ang mga pananaliksik na tumutok sa pagpapaigting ng pananaliksik ng mga guro sa

Filipino. Maaaring isagawa ang mga pagsasanay at workshop upang maging mas handa at produktibo ang mga guro sa kanilang mga pagsasaliksik. Dagdag pa rito, maaari ring bigyan ng suporta at insentibo ang mga guro upang maging mas aktibo sila sa pag-aaral.

Higit pa, maaaring magkaroon ng mga pag-aaral na naglalayong palakasin ang positibong pananaw at pakikipagtulungan ng mga guro sa Filipino. Maaring ito'y isagawa sa pamamagitan ng pag-organisa ng mga grupong naglalayong magbahagi ng kaalaman at karanasan sa pananaliksik. Sa ganitong paraan, maaaring mabigyan ng inspirasyon at suporta ang iba pang mga guro na magsagawa rin ng kanilang mga pananaliksik sa larangan ng Filipino.

#### TALASANGGUNIAN

1. Alam, M. M. (2017). *Failure of exploiting literature in English for today for developing language skills at the Secondary and Higher Secondary levels of education in Bangladesh: Exploring reasons*. *Journal of Literature, Languages and Linguistics*, 5, 8-13.
2. Chang, H. S. (2018). *Difficulties in studying and teaching literature survey courses in English departments in Taiwan*. *The University of Texas at Austin*.
3. Creswell, J. W., Hanson, W. E., Clark Plano, V. L., & Morales, A. (2007). *Qualitative research designs: Selection and implementation*. *The counseling psychologist*, 35(2), 236-264.
4. Ferrer, C. (2019). *Epekto ng Kaalamang Bokabularyo sa Interes sa Pagbabasa ng mga Akdang Panitikang Filipino ng mga Mag-aaral*.
5. Gabrielsen, I. L., Blikstad-Balas, M., & Tengberg, M. (2019). *The role of literature in the classroom: How and for what purposes do teachers in lower secondary school use literary texts?*. *L1-Educational Studies in Language and Literature*, 19, 1-32.
6. Hassan, K. M. (2018). *Difficulties facing English teachers in teaching literary texts at Higher Secondary Level in Bangladesh*. *English Language and Literature Studies*, 8(3), 15-26.
7. Lumbea, B. (2017). *Sa Pagdulog ng Kritikong Pilipino sa Panitikan Suri: Pag-arok sa Likhang-Panitik/Probing the Literary Text*. *Quezon City: The University of the Philippines Press*, 2017. Print.
8. Palma, J. U., & Tubo, T. T. (2019). *Komprehensyon Sa Mga Piling Akdang Panitikan at Akademik Perpormans Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino 7 Ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol*. *ACADEME Uiversity of Bohol, Graduate School and Professional Studies*, 15(1), 1-27.





#### ABOUT THE AUTHOR



**FATIMAE S. VILLARASA, LPT.** *nagtapos ng Bachelor of Education major in Filipino sa Davao Oriental State University noong June 2019. Kumuha siya ng kanyang master's degree sa St. Mary's College of Tagum Incorporated taong 2022-2023. Siya ang nagsimulang magturo noong September 2021 bilang DEPED teacher.*



**SUSAN B. DIPOLOG, PhD,** *nagtapos ng Doktor ng Piliopsiya sa Filipino sa Universidad ng Mindanao, Davao City. May-akda ng "Pagsulat sa Piling Larangan" at "Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Nagtuturo sa loob ng 15 taon sa UM Tagum College.*